Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG UNANG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 12 HULYO 2010, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

- -

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Elsie F. Galaran
Konsehal Arnel F. Fabon
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Lee M. Baculinao
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Rufino D. Lumbres - Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento - Pangulo, MSKF

Hindi Nakadalo : WALA

- -

KAPASYAHAN BLG. 014
Taong 2010

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAGBATI SA IGLESIA NI CRISTO SA KANILANG PAGDIRIWANG NG IKA-96 TAONG PAGKAKATATAG SA HULYO 27, 2010.

SAPAGKAT, ang pagsapit ng araw ng pagkakatatag ng isang samahan, pampubliko man o pang-relihiyon ay isang okasyong dapat na ipagsaya at ipagdiwang ng mga taong sangkot o mga kaanib nito;

SAPAGKAT, higit na maningning at masaya ang ganitong pagdiriwang kung ito'y nakaabot na ng maraming dekada tulad ng sa Iglesia ni Cristo na ngayo'y nasa ika-96 na taon ng pagdiriwang;

SAPAGKAT, sa kagalakan ng mga miyembro ng kapatirang Iglesia ni Cristo, ang Sangguniang Bayan at mga namumuno ng bayang ito ay lubos na nakikiisa sa gaganaping pag-aalaala sa natatanging araw na ito at umaasang higit pang pagpapala ang kanilang kamtin sa Lumikha;

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Juan S. Advincula na pinangalawahan ni Konsehal Mae Arlene M. Talens -

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa Iglesia ni Cristo ang tauspusong pagbati sa pagsapit ng kanilang ika-siyamnapu't anim (96) na taon ng pagkakatatag sa Hulyo 27, 2010 at sana ay magpatuloy pa at lumawig ang kanilang pagtulong at pakikiisa sa pamahalaan para sa kalinangan at ikabubuti ng mga mamamayan.

IPINASIYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Kgg. Ministro Romeo D. Del Rosario, Bagumbayan; Kgg. Ministro Limuel Nicolas, San Aquilino; Kgg. Ednel Faner, Cantil; Kgg. Cornelio Cosme, Libtong at Kgg. Herminio M. Sabido, San Mariano para sa kanilang kaalaman.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito si Kgg.Daniel N. Mangilit, Tagapangasiwa ng Distrito, Iglesia ni Cristo, Calapan City, Silangang Mindoro at si Kgg. Eduardo V. Manalo, Tagapamahalang Pangkalahatan, Iglesia ni Cristo Central Office, Commonwealth Avenue, Quezon City.

Pinagtibay : 12 Hulyo 2010

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

merz/071410